

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Ipagdiwang ang panahon ng spring sa Seedy Saturday at Garden Show

BRAMPTON, ON (Pebrero 18, 2020) – Malapit na ang spring at kaya malapit na rin ang ika-8 taunang Seedy Saturday at Garden Show ng Lungsod ng Brampton!

Magaganap ang Seedy Saturday at Garden Show sa taon na ito sa Sabado, Pebrero 29, mula 10 am hanggang 3 pm, sa Century Gardens Recreation Centre Auditorium. Kung kayo ay bago sa paghahardin o isang seasoned pro, lahat ay welcome sa nakakabuti sa pamilya na event na ito.

Sa higit sa 30 exhibitor, ang mga dadalo ay may pagkakataon na makinig sa mga eksperto, makakuha ng impormasyon sa paghahardin, magbahagi, magpalitan at bumili ng mga binhi, sumali sa mga komunidad ng paghahardin, saliksikin ang Kids' Zone, at mag-enjoy sa Seedy Café.

Ang mga eksperto sa paghahardin ay magho-host din ng apat na seminar sa buong araw:

- 10:30 am hanggang 11:15 am, [Nancy Lotecki-Neely, Zero Waste Caledon](#), “Why Waste Matters”
- 11:30 am hanggang 12:15 pm, [Emma Biggs, manunulat sa horticulture at broadcaster](#), “Gardening with Emma”
- 12:30 pm hanggang 1:15 pm, [Brian Millward, Stewardship Coordinator, Local Enhancement and Appreciation of Forests \(LEAF\)](#), “Trees, Bees & Other Things”
- 1:30 pm hanggang 2:15 pm, [Steven Biggs, manunulat sa horticulture at broadcaster](#), “Edibles in Urban Landscapes”

Walang bayad ang pagpasok at tatanggap ng libreng pananim ang unang 100 bisita.

Ang event na ito ay hino-host kasama ang [Brampton Horticultural Society](#) at suportado ng [Seeds of Diversity](#), isang organisasyon ng pagkakawang-gawa sa Canada na itinalaga para sa pagpreserba at pagprotekta sa biodiversity ng agrikultura at hortikultura, kasama ang nagpi-presentang isponsor na Revera Inc.

Para sa mga detalye, bumisita sa www.brampton.ca/parks.

Mga Quote

“Ang Brampton ay isang Luntiang Lungsod at ang pangkapaligirang mga event tulad ng Seedy Saturday at Garden Show ay mahalaga sa pagpapaangat ng kamalayan sa kahalagahan ng ating biodiversity. Mula sa mga eksperto sa industriya na nagbabahagi ng mga tip sa Kids' Zone kung saan matutunan ng mga bata ang tungkol sa pagka-tumatagal ng pagkain, ang

event na ito ay nangangakong magiging kapana-panabik at edukasyonal para sa lahat ng edad!”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Sa nakalipas na taon, ang Seedy Saturday at Garden Show ay nakabighani sa higit sa 1,100 dumalo. Hinihikayat ko ang lahat, lalo na kung kayo ay may hinlalaking mahilig magtanim, na dumalo at mas matuto tungkol sa pagtanim sa spring at kung paano ninyo mapapanatiling luntian ang Brampton.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Councillor at Chair, Public Works and Engineering, Lungsod ng Brampton*

"Muli, ang Brampton Horticultural Society ay nananabik na naman na makipag-partner sa Lungsod ng Brampton para ipagdiwang ang ika-8 taunang Seedy Saturday at Garden Show. Ang event na ito ay lahat tungkol sa paghahardin, habang pinagsasama ang komunidad para matuto tungkol sa kahalagahan ng pangangalaga sa espasyong tinitirhan nila.”

- *Carole Spraggett, Presidente, Brampton Horticultural Society*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media & Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca